4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 3
Linggo
5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

Tagasuri:

- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University Research
Center for Teacher Quality SiMERR
National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO / KUEARTER 3/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) ng talambuhay (biography) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nauunawaan ang tekstong naratibo (epiko)**<br>a. Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay.<br>b. Naibibigay ang sariling solusyon sa suliranin.<br>c. Nahihinuha ang susunod na pangyayari.<br>d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari.<br>**Nagagamit ang mga kahulugan ng salita sa pagbuo ng pangungusap**<br>a. Natutukoy ang panandang konteksto<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:**<br>a. layon (magsalaysay at maglahad)<br>b. kahulugan |
| **C. Nilalaman** | Tekstong Naratibo: Epiko<br>WIKA:<br>Panandang konteksto–kasalungat<br>Panghalip –pananong at panaklaw<br>TEKSTONG BISWAL:<br>teksto, *memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning,* atbp. |

| **D. Integrasyon** | Usaping Pangkapayapaan |
|---|---|

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| KapitBisig *World's Philippine Information Hub*. 2009-2023. Retrieved. March 23, 2024. https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-epics-mga-epiko-ibalon-epikong-bicolano_602.html |

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral<br><br>KILOS-HULA!<br><br>Panuto: Pangkatin ang klase sa dalawa. Bawat pangkat ay pipili ng kinatawan na siyang magpapahula sa mga salita habang ikinikilos ito. Bibigyan lamang ng tig-iisang minuto ang bawat pangkat. Kung sino ang maraming nahulaang salita sa loob ng isang minuto ang siyang panalo.<br><br>Mga halimbawang salita:<br><br>- kain, sayaw, luto, ligo, lakad, laba, linis, suklay, takbo, kanta<br><br>LISTA-TANONG<br><br>Panuto: Kung bibigyan ka ng pagkakataon na mainterbyu ang idol mo, ano ang gusto mong malaman? Ilista ang katanungan sa ibaba.<br><br>1.<br>2.</td><td>Kilos-Hula: Pagkatapos gawin ang paligsahang ito, maaaring tanungin ng guro kung ano ang mga salitang nahulaan upang mabalikan kung ano ang kahulugan ng Pandiwa.<br><br>Maaaring palitan o dagdagan ang mga halimbawang salitang ibinigay. Malaya rin ang guro na baguhin ang gawain.<br><br>Lista-Tanong: Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang gawaing ito ay dapat gawin</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3.<br>4.<br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br><br>**DIKIT-TANONG**<br>Panuto: Kung mayroong katanungan tungkol sa nakaraang paksa ay maaaring isulat ito sa papel at idikit sa gilid ng pisara.<br><br>Kinuha mula sa:<br>https://in.pinterest.com/pin/85075880445159301/ | bago magtanong sa isang tao tungkol sa kaniyang buhay. Ito ang magsisilbing gabay nila para sa maayos na pakikipanayam. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Panuto: Ipakita sa mga mag-aaral ang inihandang larawan ng mga *superhero* at talakayin ang nakahandang katanungan.<br><br>Kinuha mula sa: https://www.indiatvnews.com/news/of-all-time-science-has-the-answer-334139<br><br>Kinuha mula sa: https://capsulezone.wordpress.com/2010/09/09/captain-barbell-illustrations/<br><br>Kinuha mula sa: https://www.pngegg.com/vi/png-mfxpm<br><br>Kinuha mula sa: https://www.pngegg.com/vi/search?q=Darn<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Sino-sino ang nasa larawan?<br>2. Ano-ano ang kanilang angking kakayahan?<br>3. Paano sila nakakatulong upang mapanatili ang kapayapaan sa lipunan? | Sa bahaging ito, gamit ang iba't ibang larawan talakayin ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>Maaaring magdagdag ang guro ng iba pang superheroes.<br><br>Sa pagtalakay ng tanong, seguruduhing makapaghayag ang bawa't isa ng kanilang ideya. Malaya ang guro na gawin ang gustong pamamaraan kung paano ito gawin sa klase. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
4. Sino sa kanila ang iyong pinakagusto at bakit?<br>
5. Bakit sila tinaguriang bayani ng lipunan?<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
KULAY SALITA: Pagsamahin ang dalawang angkop na salita batay sa ugnayan sa isa’t isa.<br><br>
Luntian- akda na naglalaman ng kuwento<br><br>
Dilaw - magandang katangian ng tauhan<br><br>
Bughaw - isyu at usapin<br><br>
Rosas - sagot sa mga isyu at suliranin<br><br>
<table>
<tr><td>solusyon</td><td>suliranin</td></tr>
<tr><td>salaysay</td><td>epiko</td></tr>
<tr><td>kabayanihan</td><td>remedyo</td></tr>
<tr><td>problema</td><td>kagila-gilalas</td></tr>
</table>
</td>
<td>Paghahawan ng bokularyo. Mahalaga ang bahaging ito sapagkat dito matutulungan ang mga mag-aaral na madaling maintindihan ang nilalaman ng isang akda na tatalakayin. Maari gawing paligsahan o di kaya’y maikling pasulit. Gaya ng ibang gawain, maaaring magdagdag o baguhin ang halimbawang gawain.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Naratibo (Epiko)<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
TUKOY-LARAWAN<br>
Panuto: Tukuyin ang pangalan ng nasa larawan. Ang una at huling mga titik ay ibinigay na upang madali mo itong matukoy.<br><br>
1.  K ________________________N<br>
Kinuha mula sa: https://play.google.com/store/apps/details?id=com.kongregate.mobile.medievalidle.google&hl=fil<br><br>
2.  P _________________________E<br>
Kinuha mula sa: https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/cute-boy-prince-in-a-golden-crown-and-red-cloak-
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

3. 

B _______Y-R____O

Kinuha mula sa:
https://www.flickr.com/photos/edrielitratista/4290367140

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Dugtungang Pagbasa:**

**IBALON**
(Epikong Bicolano)

Ayon sa salaysay ni Pari Jose Castaño, batay sa narinig niyang kuwento ng isang manlalakbay na mang-aawit na si Cadugnong, ang epikong Ibalon ay tungkol sa kabayanihan ng tatlong magigiting na lalaki ng Ibalon na sina Baltog, Handiong, at Bantong. Ibalon ang matandang pangalan ng Bikol.

Si Baltog ay nakarating sa lupain ng Ibalon dahil sa pagtugis niya sa isang malaking baboy-ramo. Siya'y nanggaling pa sa lupain ng Batawara. Mayaman ang lupain ng Ibalon at doon na siya nanirahan. Siya ang kinilalang hari ng Ibalon. Naging maunlad ang pamumuhay ng mga tao. Subalit may muling kinatakutan ang mga tao…

**Hinto_Tanong:**

1. Ano sa palagay ninyo ang kinatatakutan ng mga tao sa Ibalon?
2. Bakit kaya nila ito kitatakutan?

Ipagpatuloy…

isang malaki at mapaminsalang baboy-ramo na tuwing sumasapit ang gabi ay namiminsala ng mga pananim. Si Baltog ay matanda na upang makilaban. Tinulungan siya ng kanyang kaibigang si Handiong.

Pinamunuan ni Handiong ang mga lalaki ng Ibalon upang kanilang lipulin ang mga dambuhalang buwaya, mababangis na tamaraw at lumilipad na mga pating at mga halimaw na kumakain ng tao. Napatay nila ang mga ito maliban sa isang engkantadang nakapag-aanyong magandang dalaga na may matamis na tinig. Ito ay si Oriol.

**Hinto… Tanong:**

**3.** Ano kaya ang naging reaksiyon ng Diwata ng pinagpapatay nila Handiong mga mababangis na hayop sa gubat?
**4.** Sa palagay niyo ba ay pinarusahan ng Diwata ang mga taga-Ibalon?

Mahalagang maging alerto at aktibo ang guro sa pagpapabasa ng akdo upang hindi mabagot ang mga mag-aaral. Ang ganitong paraan ay makakatulong sa mga mag-aaral na magbasa sa akda. Maaaring balikan ng guro ang mga s*uperhero* na may-angking kapangyarihan at kinilalang bayani ng mundo.

Talakayin din ito bago ang pagbabasa sa akda.

**Epiko**

Ang epiko ay isang uri ng panitikan na matatagpuan sa iba't-ibang grupong etniko. Ito ay tumatalakay sa mga kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil may mga tagpuang makababalaghan. Kwento ito ng kabayanihan noong unang

Tumulong si Oriol sa paglipol ng iba pang mga masasamang hayop sa Ibalon.

Naging payapa ang Ibalon. Ang mga tao ay umunlad. Tinuruan niya ang mga tao ng maayos na pagsasaka. Ang mga piling tauhan ni Handiong ay tumulong sa kanyang pamamahala at pagtuturo sa mga tao ng maraming bagay.

Ang sistema ng pagsulat ay itinuro ni Sural. Itinuro ni Dinahong Pandak ang paggawa ng palayok na Iluad at ng iba pang kagamitan sa pagluluto.

Si Hablon naman ay nagturo sa mga tao ng paghabi ng tela. Si Ginantong ay gumawa ng kauna-unahang bangka, ng araro, itak at iba pang kasangkapan sa bahay.

Naging lalong maunlad at masagana ang Ibalon. Subalit may isang halimaw na namang sumipot. Ito ay kalahating tao at kalahating hayop. Siya si Rabut. Nagagawa niyang bato ang mga tao o hayop na kanyang maengkanto. May nagtangkang pumatay sa kanya subalit sinamang palad na naging bato. Nabalitaan ito ni Bantong at inihandog niya ang sarili kay Handiong upang siyang pumatay kay Rabut.

**Hinto... Tanong:**

**5.** Natalo kaya ni Bantong si Rabut?

Nalaman ni Bantong na sa araw ay tulog na tulog si Rabut. Kaniya itong pinatay habang natutulog.

Nagalit ang Diyos sa ginawang pataksil na pagpatay kay Rabut. Diumano, masama man si Rabut, dapat ay binigyan ng pagkakataong magtanggol sa sarili nito.

**Hinto... Tanong:**

**6.** Ano kaya ang nangyari sa mga tao ng Ibalon nang magalit ang Diwata sa kanila?

**7.** Bakit kaya nagalit ang diyosa sa mga taga-Ibalon?

Pinarusahan ng Diyos ang Ibalon sa pamamagitan ng isang napakalaking baha.

Nasira ang mga bahay at pananim. Nalunod ang maraming tao. Nakaligtas lamang ang ilang nakaakyat sa taluktok ng matataas na bundok. Nang kumati ang tubig, iba na ang anyo ng Ibalon. Nagpanibagong buhay ang mga tao ngayon sa pamumuno ni Bantong.

panahon na punung-puno ng mga kagila-gilalas na pangyayari. Ang mga pangunahing tauhan dito ay nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao at kadalasan siya ay buhat sa lipi ng mga diyos o diyosa. Ang epiko ay galing sa salitang Griyego na 'epos' na ang kahulugan ay 'awit'. Ang mga ito ay nasa anyo ng berso o talata ngunit ito ay iba-iba at bukod-tangi sa bawat rehiyon at hindi maikukumpara sa mga Kanluraning epiko.

**Matandang kasaysayan ng Ibalon:**

Ang panahong nasasaklaw ng matandang kasaysayan ng Kabikulan ay nagsimula noong sinauna hanggang sa pagdating ng mga Kastila sa pangunguna ni Juan Salcedo noong 1573. Ibalon o Ibalnon ang naging tawag ng mga Kastila sa pook na ito at sa pangalang ito naunang nakilala ang lupain ng mga sinaunang Bikolano. Ang naging batayan nito ay ang ibal o ibay na siyang kauna-unahang pangalan ng tangway ng Bikol. Ang ibal ay salitang

**Karagdagang tanong:**

**8.** Ano ang mahalagang konsepto ang nais iparating ng epiko sa mambabasa?

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**BALIK-KULAY:**

Muling balikan ang iba't ibang kulay at mga ipinangkat na salita. Gawing gabay ang mga salita sa bawat kulay para sagutin ang sumusunod na tanong:

**1.**

| KULAY | SUSING SALITA | TANONG |
|---|---|---|
| LUNTIAN | salaysay at epiko | Anong naging reaksiyon mo matapos basahin ang salaysay sa epiko? |

**TUGON**

________________________________________
________________________________________
________________________________________

**2.**

| KULAY | SUSING SALITA | TANONG |
|---|---|---|
| DILAW | kabayanihan at kagila-gilalas | Bakit magandang katangian ang kabayanihan at kagila-gilalas sa kuwento at tunay na buhay? |

**TUGON**

________________________________________
________________________________________
________________________________________

pinaikli na ang Ibalyo (Bikol) o Ibaylo (Bisaya) na nangangahulugang maging tawiran mula sa Bisaya patungo sa kabilang ibayo sa dakong timog Luzon.

**3.**

| KULAY | SUSING SALITA | TANONG |
|---|---|---|
| BUGHAW | isyu at usapin | Anong isyu at usapin ang dapat pag-usapan sa binasang akda? |

**TUGON**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**4.**

| KULAY | SUSING SALITA | TANONG |
|---|---|---|
| ROSAS | solusyon at remedyo | Paano dapat bigyan ng remedyo o solusyon ang mga suliranin na ating nararanasan? |

**TUGON**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Pagsasanib ng Wika:** Panghalip –pananong at panaklaw

**Panghalip na pananong** ay mga salitang ginagamit upang magtanong. Ito ay nagtatanong kung sino, ano, saan, kailan, paano, at bakit. Narito ang ilang halimbawa ng panghalip pananong:

1. **Sino**: **Sino** ang tatlong magigiting na lalaki sa binasang epiko?
2. **Ano**: **Ano**ng katangiang tinataglay ni Bantong?
3. **Saan**: **Saan** nagmula ang epikong Ibalon?

Bago talakayin ang paksa, maaaring balikan ng guro ang mga tanong na ibinigay at ipatukoy kung paano sinimulan ang mga pahayag na nagsasaad

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

4. **Paano**: **Paano** natapos ang kuwento?
5. **Bakit**: **Bakit** nagalit ang Diyos sa mga taga-Ibalon?

Sa kabilang banda, ang **panaklaw** ay mga salitang panghalili o pamalit sa pangalan na sumasaklaw sa kaisahan, dami, bilang o kalahatnan. Bukod dito, tumutukoy din ito sa isang pangalan na hindi tiyak o walang katiyakan kung ano nga ba ito.

Halimbawa: **sinuman, anuman, saanman, alinman, saanman, lahat atbp.**

1. Walang **sinuman** ang nakapagpigil kay Handiong upang patayin si Rabut.
2. **Lahat** ng mga taga-Ibalon ay pinarusahan ng kanilang diyos.

</td>
<td>ng tanong bago talakayin ang konsepto.</td>
</tr>
<tr>
<td>

**D. Paglalahat**

</td>
<td>

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

Ipaliwanag ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang epiko?
2. Ano ang mga katangian ng akdang epiko ang nagpapatingkad nito?
3. Paano nakakatulong ang mga kababalaghan sa epiko sa pagkilala ng mga tauhan?
4. Kailan masasabi na ang akdang binasa ay isang epiko?

**Gawain:** Gumawa ng tig-iisang pangungusap gamit ang panghalip na pananong at panaklaw.

<table>
<tr><th>Panghalip na pananong at panaklaw</th><th>Pangungusap</th></tr>
<tr><td>1. ng</td><td></td></tr>
<tr><td>2. bakit</td><td></td></tr>
<tr><td>3. mula sa</td><td></td></tr>
<tr><td>4. kay</td><td></td></tr>
<tr><td>5. sino</td><td></td></tr>
</table>

</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br><br>Sa pagtatapos ng talakayan:<br><br>• Nalaman kong ____________________________________________.<br>• Naranasan kong __________________________________________.<br>• Naramdaman kong _______________________________________. | Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**A. SURI-PILI:** Suriin ang tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Ang epikong _________ ay tungkol sa kabayanihan ng talong magigiting na lalaki.<br>A. Ibalon<br>B. Humadapnon<br>C. Biag ni Lam-ang<br>D. Hudhud ni Aliguyon<br>2. Ang tatlong magigiting na lalaki sa epiko ay sina__________________.<br>A. Handiong, Bantog, Baltog<br>B. Baltog, Bantong, Hudhud<br>C. Handiong, Baltog, Bantong<br>D. Bantong, Hudhud, Bantog<br>3. Ito ay tumatalakay sa mga kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao laban sa mga kaaway.<br>A. Almat<br>B. Epiko<br>C. Komiks<br>D. Mito<br>4. Ang salitang Ibaylo ay mula sa salitang _____________?<br>A. Bikolano<br>B. Bisaya | Sa bahaging ito ay ang pagbibigay ng maikling pasulit batay sa mga natalakay na paksa sa mga nakaraang araw. Maaaring magpahanda ang guro ng *quiz notebook* para hindi maiwala ng mga bata ang mga aytems na puwede nilang balik-balikan. Ang maikling pasulit na ito ay maaaring dagdagan o baguhin ng guro.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. A<br>2. C<br>3. B<br>4. B<br>5. A<br>6. D<br>7. D<br>8. C |

| | | |
|---|---|---|
| | C. Cebuano<br>D. Ilokano<br>5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa katangian ng epiko?<br>A. katatawanan<br>B. pakikipaglaban ng pangunahing tauhan<br>C. may mga suliraning kinakaharap ang pangunahing tauhan<br>D. may mga kakaibang katangian o kapangyarihan ang mga tauhan.<br>1. Ang mga salitang ano, sino o paano ay mga halimbawa ng panghalip na___________.<br>A. panao<br>B. paari<br>C. panaklaw<br>D. pananong<br><br>7. Ang epikong nabasa ay nagsimula sa pagpapakilala ng ____________.<br>A. tauhan<br>B. tagpuan<br>C. kakalasan<br>D. a at b<br><br>8. Ang *anuman, sinuman, o alinman ay* halimbawa ng panghalip na ______________.<br>A. panao<br>B. paari<br>C. panaklaw<br>D. pananong<br><br>9. Ang epiko ay kinagigiliwan ng mga kabataan dahil sa _____________.<br>A. pagtataglay ng mga kakaibang kapangyarihan ng tauhan<br>B. maraming kakatwang pangyayari<br>C. nagmula ito sa iba't ibang lugar<br>D. lahat ng nabanggit<br><br>10. Nagalit ang Diyos sa mga taga-Ibalon dahil sa pagtataksil nila kay Rabut. Ang salitang may salungguhit ay halimbawa ng panghalip na ________.<br>A. panao<br>B. paari<br>C. panaklaw<br>D. pananaw | 9. A<br>10. C |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Magsaliksik o bumuo ng isang epiko sa inyong lugar. Gawing gabay ang patnubay para sa pagbuo ng burador.

| Bibigyan ng Tuon | Pamantayan sa Pagmamarka | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamagat | Angkop at malinaw | | | | | |
| Tauhan | Mahusay na paglalarawan ng mga tauhan kumpleto at may katangian. | | | | | |
| Banghay | May maayos na pagkasunod-sunod ng pangyayari. | | | | | |
| Tunggalian | Nagdulot ng pananabik at kasiyahan sa mga mambabasa. | | | | | |
| Aral | Dapat at angkop sa buhay | | | | | |
| Kabuong Marka | 17-20- Pinakamahusay<br>14-16- Mahusay<br>12-13- Medyo Mahusay | | | | | |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |